Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON V (BIKOL)
TANGGAPANG PANSANGAY NG MGA PAARALAN NG LUNGSOD IRIGA

DEPARTMENT OF EDUCATION
SDO-Iriga City RECORDS SECTION
RELEASED
28 APR 2026
CTRL NO.: 2026-04-208 Y.

27 Abril 2026

**MEMORANDUM PANSANGAY**
**Blg. 208, s. 2026**

**ALTERNATIBONG UNIPORME PARA SA MGA KAWANI NG PAARALAN AT OPISINA NG DEPED MULA ABRIL HANGGANG MAYO 2026**

Para sa: Kawaksing Tagapamanihala
Mga Punong Tagamasid at Punong Seksiyon ng bawat Tanggapan
Mga Superbisor sa Programang Edukasyon
Mga Nanunuparang Tagamasid Pampurok
Mga Puno ng Paaralang Elementarya at Sekundarya
Mga Guro at Kawani ng Sangay

1. Alinsunod sa inilabas na Memorandum DM-OUHRODI-2026-1083 ng Tanggapan ng Undersecretary para sa Human Resource and Organizational Development and Infrastructure, at bilang tugon sa tumataas na heat index sa buong bansa batay sa ulat ng DOST-PAGASA, layunin ng Kagawaran na matiyak ang kaligtasan at kaginhawaan ng lahat ng kawani.

2. Kaugnay nito, ang lahat ng teaching at non-teaching personnel sa mga paaralan at opisina sa loob ng dibisyong ito ay pinahihintulutang magsuot ng alternatibong uniporme mula Abril hanggang Mayo 2026, gaya ng mga sumusunod:

a) Anumang kasalukuyang may kuwelyo (collared) DepEd polo shirt na ginagamit sa mga opisyal na gawain at programa (hal. Brigada Eskwela, Palarong Pambansa, Oplan Balik Eskwela, mga kumperensiya, at iba pa); o
b) Puting collared polo shirt na may opisyal na logo ng DepEd.

3. Ang mga nabanggit na kasuotan ay dapat ipares sa angkop na pantalon gaya ng slacks, maong (jeans), o cargo pants.

4. Gayunman, mahigpit na ipinatutupad ang pagsunod sa umiiral na patakaran ng Komisyon ng Serbisyo Sibil o Civil Service Commission (CSC) Memorandum Circular No. 16, s. 2024 o ang "Revised Dress Code for Government Officials and Employees." Dahil dito, mahigpit na ipinagbabawal ang pagsusuot ng:

- Punit o tastas na maong
- Tights
- Leggings
- Jogging pants

5. Inaasahan ang mahigpit na pagsunod ng lahat sa nasabing alituntunin.

**MARIA-MAGNOLIA F. BRIOSO, CESO VI**
Nanunuparang Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan